# *Ang Puno ng Igos Yugto 2*

***"6 At sinalita niya ang talinghagang ito, Isang tao ay may isang puno ng igos na natatanim sa kaniyang ubasan; at siya'y naparoong humahanap ng bunga niyaon, at walang nasumpungan. 7At sinabi niya sa nagaalaga ng ubasan, Narito, tatlong taon nang pumaparito akong humahanap ng bunga sa puno ng igos na ito, at wala akong masumpungan: putulin mo; bakit pa makasisikip sa lupa? 8At pagsagot niya'y sinabi sa kaniya, Panginoon, pabayaan mo muna sa taong ito, hanggang sa aking mahukayan sa palibot, at malagyan ng pataba: 9At kung pagkatapos ay magbunga, ay mabuti; datapuwa't kung hindi, ay puputulin mo." (Lucas 13:6-9)***

Ang kahulugan mula sa talinghaga ng puno ng igos ay hamon sa atin, nais talaga ng Panginoon sa atin na mamunga na nais niyang makita sa ating buhay. Sa Marcos mababasa natin ang totoong salaysay tungkol sa puno ng igos, ***"12 At sa kinabukasan, pagkaalis nila sa Betania, ay nagutom siya. 13At pagkatanaw niya sa malayo ng isang puno ng igos na may mga dahon, ay lumapit siya, na baka sakaling makasumpong doon ng anoman: at nang siya'y malapit sa kaniya ay wala siyang nasumpungang anoman kundi mga dahon; sapagka't hindi panahon ng mga igos. 14At sumagot si Jesus at sinabi rito, Sinomang tao'y hindi kakain ng iyong bunga mula ngayon at magpakailan man. At ito'y narinig ng kaniyang mga alagad." (Marcos 11:12-14)*** Hindi nakakita ang Panginoon ng bunga sa puno ng igos. Ngunit kahit na, sinumpa Niya ito dahil inaasahan niyang makakakita ng bunga nito. Ang kapareho sa atin; tayo ay maging mabunga, epektibo, at masigasig sa ating buhay sa lahat ng panahon. Ang puno ng igos ay hindi namunga dahil hindi niya panahon, ngunit para sa atin nais ng Diyos sa atin na maging handa sa Kanya at mamunga sa lahat ng panahon gaya ng ating mababasa rito, ***"Ipangaral mo ang salita; magsikap ka sa kapanahunan, at sa di kapanahunan, sumawata ka, sumaway ka, mangaral ka na may buong pagpapahinuhod at pagtuturo." (2 Timoteo 4:2)*** Ikaw ay tinawag upang maging handa sa kapanahunan at mula sa kapanahunan at nangangailangan mula sa iyo maging ayon sa katotohanan ng Diyos at ng Kanyang Salita. Kung ikaw ay nabubuhay sa iyong pansariling buhay at ginagawa ang sariling plano at kalooban, kung gayon hindi ka magiging handa sa Diyos at kung ano ang nais ng Diyos na maging at gawin mo maliban kung magsisi ka. * Upang maging handa sa Diyos, dalangin ko na mapagtagumpayan mo ang sarili mong kalooban, ang iyong sariling laman at makasalanang pagnanasa at ang iyong makasariling ambisyon at mga plano. At para dyan kailangan mong isuko nang buo ang iyong buhay sa Diyos at hilingin sa Kanya na maging Panginoon sa buong buhay mo. Kung ganoon nga ang kaso, may tatlong uri ng bunga ang magsisimulang lumitaw sa iyong buhay at iyon ang magpapasaya sa Panginoon.

1. ***Bunga ng pagsisisi: "Kayo nga'y mangagbunga ng karapatdapat sa pagsisisi:" (Mateo 3:8)*** Para tumalikod mula sa kasalanan at talikuran ang lahat ng iyong mga pagkukulang; ito'y magbubukas ng daan para sa iyo upang abutin ang Diyos at makatagpo Siya mukha sa mukha sa pamamagitan ng Panginoong JesuCristo na ating Panginoon.

2. ***Bunga ng Banal na Espiritu: "22 Datapuwa't ang bunga ng Espiritu ay pagibig, katuwaan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kagandahang-loob, kabutihan, pagtatapat, 23Kaamuan, pagpipigil; laban sa mga gayong bagay ay walang kautusan." (Galacia 5:22-23)*** Ang bunga ng Banal na Espiritu ay bubuo sa iyo ng katangian ng Cristiano upang makagawang magmahal at magmalasakit, upang maging masaya at mapayapa, daigin ang pagsubok, suliranin at pag-uusig na may higit na katangian ni Cristo ng kabaitan, kahinahunan, pagtitiyaga, pagtitiis, at pagpipigil sa sarili, na tumututok sa Diyos at sa mga layunin na itinakda ng Panginoon sa harap mo upang makamit ang buhay.

3. ***Ang bunga ng pagdadala ng mga bagong kaluluwa sa Diyos: "Ako'y hindi ninyo hinirang, nguni't kayo'y hinirang ko, at aking kayong inihalal, upang kayo'y magsiyaon at magsipagbunga, at upang manatili ang inyong bunga: upang ang anomang inyong hingin sa Ama sa aking pangalan, ay maibigay niya sa inyo." (Juan 15:16)*** Ang iyong buhay ay magiging isang patotoo sa iba at at gaya ng nakikita nila ang iyong estilo ng pamumuhay sila'y lalapit upang kilalanin ang Diyos at papupurihan ang Ama sa Langit gaya ng sinabi ni Jesus, ***"Lumiwanag na gayon ang inyong ilaw sa harap ng mga tao; upang mangakita nila ang inyong mabubuting gawa, at kanilang luwalhatiin ang inyong Ama na nasa langit." (Mateo 5:16)***

Ang Diyos ay dapat maging at Siya ang Panginoon at pangioon ng ating buhay at pagkatao. At dinadalaw Niya tayo at ipinapakilala ang Kanyang sarili sa ating buhay at nakikialam sa atin upang turuan tayo ng mabubuting bagay at upang ituwid tayo upang gawin ang mga bagay na nais Niyang gawin natin. Si Jesus ay nanghihimasok sa ating buhay upang gawing mas madali, mas mabuti at mabunga ang ating buhay. Si Jesus ay nagmamasid sa ang ating buhay at sa gayon madalas ay dumarating at gumagawa ng tiyak na mga pagbabago sa ating buhay upang tayo ay maging mas mabisa at mas mamunga. ***"6 At sinalita niya ang talinghagang ito, Isang tao ay may isang puno ng igos na natatanim sa kaniyang ubasan; at siya'y naparoong humahanap ng bunga niyaon, at walang nasumpungan. 7At sinabi niya sa nagaalaga ng ubasan, Narito, tatlong taon nang pumaparito akong humahanap ng bunga sa puno ng igos na ito, at wala akong masumpungan: putulin mo; bakit pa makasisikip sa lupa?" (Lucas 13:6-7)*** Si Jesus sa talinghaga ng puno ng igos ang Kanyang

paghahangad upang lasapin ang bunga sa ating buhay. Nais ni Jesus na makita sa atin ang higit na bunga. Ang pagsisikap at panahon at pananalapi ay inilaan para magtanim ng puno ng igos. Ito'y tumatagal sa isang lugar at ang magtatanim ay itinalaga upang pangalagaan ito at sundan ang ginagawa nang palagian dito. Sa parehong paraan maraming pagsisikap at oras at mga mapagkukunan ang gugululin mo upang sanayin ka at turuan ka ngunit kung nasaan ka ngayon at kung ano ang iyong ginagawa! Iyon ang dahilan kung bakit si Jesus dito ay nagsasabi sa iyo ng katotohanan at hinaharap ka ng katotohanan, at gaya ng sumusunod:

A. ***Kawalan ng bunga:*** Ang tao na hindi nakakita ng bunga sa puno ng igos: ***"At sinabi niya sa nagaalaga ng ubasan, Narito, tatlong taon nang pumaparito akong humahanap ng bunga sa puno ng igos na ito, at wala akong masumpungan: putulin mo; bakit pa makasisikip sa lupa?" (Lucas 13:6-7)*** Si Jesus ay nababagabag nang nakikita Ka niya ngunit walang nakikita anumang bunga o isang tunay na pag-unlad sa iyong buhay. Ito ang katotohanan at kailangan mong harapin ang katotohanan at ang realidad.

B. ***Ang paghatol ay ipinahayag:*** Nang sinabi ng lalaki na "***putulin mo".*** Ito ay mahirap na babalang mensahe mula sa Panginoon sa iyo. Ang pananalitang ito ay nangangailangan ng tiyak na panahon upang dalhin ang paggising, pagsisisi, at bibigyan ka ng pagkukusa na gumawa ng tiyak na mga desisyon at angkop na mga pagkilos para ikaw ay magsisi, at bumalik sa Panginoon at magsimulang muli upang maging mabunga at epektibo.

C. ***Ang dahilan sa pagbibigay ng paghatol:*** Nang sinabi ng lalaki, "***bakit pa makasisikip sa lupa?".*** Ang puno ng igos na walang bunga ay nakalagay sa halamanan, ganon din ito ay nakakakuha ng pagkain at tubig mula sa ibang mabungang mga puno, at atensyon at pangangalaga mula sa tao na nag-aalga sa halamanan. *Ipinapaliwanag ni Jesus sa iyo kung bakit Siya nagsasalita ng husto sa iyo, dahil marami ang inilaan sa iyo at ipinapalagay na dapat kang magpakita ng katapatan at kasipagan ngunit ikaw ay pabaya, makasarili at walang pagibig sa iba ngunit ang iyong sarili lamang ang mahal mo. Sinasaway ka Jesus para sa iyong sariling kapakanan upang ikaw ay magsisi.*

***"8 At pagsagot niya'y sinabi sa kaniya, Panginoon, pabayaan mo muna sa taong ito, hanggang sa aking mahukayan sa palibot, at malagyan ng pataba: 9At kung pagkatapos ay magbunga, ay mabuti; datapuwa't kung hindi, ay puputulin mo." (Lucas 13:8-9)*** Hangga't ang mensahe ay nagdadala ng babala mula sa Diyos sa iyong buhay upang iwasan ang poot ng Diyos at paghatol, sa gayon may pag-asa pa rin para sa iyo. May ilang nanalangin at namamagitan para sa iyo, "***Panginoon, pabayaan mo muna sa taong ito,".*** *Si Jesus sa kanan ng Diyos Ama ay namamagitan para sa iyo at ang simbahan ng Diyos ay nanalangin para sa iyo ngalan upang mapatawad ng Panginoon at mabigyan ng panibagong pagkakataon upang magsisi at maituwid ang iyong sarili sa harap ng paghatol ng Diyos*. Ang sumusunod na punto ay nais naming bigyang-diin bilang simbahan at matutulungan ka namin sa; kailangan nating gawin, upang ang mga kapatid ay maging mabunga.

1. ***Pananalnagin para sa iyo:*** Kami'y talagang nanalangin para sa iyo at para sa lahat ng hindi namumunga at hiindi handang sumunod sa Diyos at mamuhay sa uri ng buhay na nais niyang isabuhay.

2. ***Babala sa iyo: "13 Aking lubos na lilipulin sila, sabi ng Panginoon: hindi magkakaroon ng mga ubas sa puno ng ubas, o ng mga higos man sa mga puno ng higos, at ang dahon ay malalanta; at ang mga bagay na aking naibigay sa kanila ay mapapawi sa kanila." (Jeremiah 8:13)*** *Huwag malinlang sa mga nagsasabi sa kapayapaan at kapayapaan habang ikaw ay nagkakasala pa rin laban sa Panginoon. Walang kapayapaan at walang kaligtasan para sa iyo maliban kung ikaw ay magsisi at talikuran ang iyong mga kasalanan. * Huwag din kayong magpapalinlang kung iniisip ninyo na kung makikinig kayo ng Salita ng Diyos na magtatakip sa inyong mga kasalanan. Marami ang pumupunta sa mga simbahan at nakikinig sa Salita ngunit ayaw magsisi. Iniisip nila hangga't nakikinig sila sa mensahe ang mga pagpapala ng Diyos ay dadaloy sa kanilang buhay. Ngunit ang pagpapala ng Diyos ay dadaloy lamang kung may pagsisisi.* Ito ang Salita ng Diyos na nagsasabi sa atin. ***"19 At mangyari, na pagka kaniyang narinig ang mga salita ng sumpang ito, na kaniyang basbasan ang kaniyang sarili sa kaniyang puso, na magsabi, Ako'y magkakaroon ng kapayapaan, bagaman ako'y lumalakad sa pagmamatigas ng aking puso upang ilakip ang paglalasing sa kauhawan: 20Ay hindi siya patatawarin ng Panginoon, kundi ang galit nga ng Panginoon at ang kaniyang paninibugho ay maguusok laban sa taong yaon, at ang lahat ng sumpa na nasusulat sa aklat na ito ay hihilig sa kaniya, at papawiin ng Panginoon ang kaniyang pangalan sa silong ng langit. 21At ihihiwalay siya ng Panginoon sa lahat ng mga lipi sa Israel sa kasamaan, ayon sa lahat ng mga sumpa ng tipan na nasusulat sa aklat na ito ng kautusan." (Deutronomio 29:19-21)*** Kailangan mong magsisi at talikuan ang lahat ng iyong mga kasalanan, sa gayon pagkatapos, ang pagpapala ng Diyos ay dadaloy sa iyong buhay.

3. ***Ang paghuhungkal sa palibot mo:*** Ang paghukay tungkol sa punong hindi namumunga ay upang ilantad ang mga ugat, suriin at alamin ang mga bagay na humaharang sa sustansyang masisipsip; kung may mga bato, kulang sa lupa, at hindi sagana sa lupa. *Maaring hindi ka matutuwa kung susuriin ka naming at hawakan ang sensitibo at personal na bahagi n iyong buhay. Iyan ay sapilitan para sa iyong kagalingan at kapakanan dahil kailangan nating hanapin ang ugat ng problema na iyong pinagdaraanan; kailangan nating suriin upang maibigay ang tamang paggamot.* Ang mga taong maysakit ay pumupunta sila sa doktor upang suriin sila nang mabuti at maigi, sinisiyasat sila, inaabot angmga pagsusuri at ireseta sa kanila ang kinakailangang gamot o ang surgical na pamamaraan na kailangan para sa kanilang pagpapagaling.

4. ***Paglalagay ng pataba:*** Sinabi ng magtatanim na lalagyan niya ng pataba ito; para maglagay ng pataba ay huhukayin ang palibot nito: ***"8 At pagsagot niya'y sinabi sa kaniya, Panginoon, pabayaan mo muna sa taong ito, hanggang sa aking mahukayan sa palibot, at malagyan ng pataba: 9At kung pagkatapos ay magbunga, ay mabuti; datapuwa't kung hindi, ay puputulin mo." (Lucas 13:8-9)*** *Ang masidhing pangaral, pagtutuwid, pagsaway at disiplina ay ang kaparaanan sa pagpapagaling na inilagay ng Pangioon sa kamay ng simbahan upang tulungan ka. Huwag kang mahiyang buksan ang iyong buhay sa ami; narito kami upang tulungan ka at maligtas mula sa kasalanan at pagkaalipin,* ***"Siyang nagtatakip ng kaniyang mga pagsalangsang ay hindi giginhawa: nguni't ang nagpapahayag at nagiiwan ng mga yaon ay magtatamo ng kaawaan." (Kawikaan 28:13)*** Habang handa mong buksan at handang ipagtapat ang iyong mga kasalanan sa gayon maibibigay namin sa iyo ang tamang payo at paraan ng iyong pamumuhay at kami'y mananalangin para sa iyong ganap na paggaling at sasagutin ng Panginoon: ***"16 Mangagpahayagan nga kayo sa isa't isa ng inyong mga kasalanan, at ipanalangin ng isa't isa ang iba, upang kayo'y magsigaling. Malaki ang nagagawa ng maningas na panalangin ng taong matuwid." (Santiago 5:16)***

Ang Kanyang Salita sa iyo ay ang Salita ng tagubilin, pagsaway, pagtuturo at pagtutuwid. Maaring hindi mo magustuhan ito, ngunit iyon ay para sa iyong sariling kapakanan. Si Jesus sa talinghaga ng puno ng igos ay nagsasalita sa iyo, sa Kanyang simbahan at sa lahat at nais Niya ng pagtugon at mga pagkilos upang maganap ayon sa Kanyang Salita. ***"19 Aking tinatawag ang langit at ang lupa na pinakasaksi laban sa inyo sa araw na ito, na aking ilagay sa harap mo ang buhay at ang kamatayan, ang pagpapala at ang sumpa; kaya't piliin mo ang buhay, upang ikaw ay mabuhay, ikaw at ang iyong binhi; 20Na iyong ibigin ang Panginoon mong Dios, na sundin ang kaniyang tinig, at lumakip sa kaniya: sapagka't siya ang iyong buhay, at ang kalaunan ng iyong mga araw; upang matahanan mo ang lupain na isinumpa ng Panginoon sa iyong mga magulang, kay Abraham, kay Isaac, at kay Jacob, na ibibigay sa kanila." (Deutonomio 30:19-20)***

Ang Panginoon ngayon ay nagsasalita sa iyo at nagbabalala sa iyo para sa iyong sariling kapakanan. May mga bagay na lubos mong pinagkakaabalahan at kinukuha ang iyong oras, pagsisikap, salapi, ang iyong emosyon at sa iyong pag-iisip. Kinukuha nila ang puwang sa iyong alaala at sa pang-araw-araw na oras at aktibidadis ngunit sila'y hindi mabunga. Kaya't ang Panginoon ay nagsasalita sa iyo ngayon para sa iyong sariling kapakanan at ikabubuti. Nais ng Diyos na tulungan ka sa pamamagitan ng pag-alis mula sa iyo ng mga bagay na hindi kapaki-pakinabang sa iyo at kumukuha ng magandang puwang sa iyong buhay. Ang mga bagay na hindi kapaki-pakinabang na sumasakop sa isang magandang puwang sa iyong buhay ay ginagawa nilang hindi maging epektibo at mabungang tao. Kaya't ang mga ito ay nakakapinsalang mga bagay, at habang pinapatnubayan ka ng Diyos na gumawa ng tiyak at angkop na pagkilos para matuklasan o putulin ang mga aktibidad sa iyong buhay tulad ng paggugol ng oras, pagsisikap, at salapi sa mga kaibigan at makamundong bagay, at pagiging abala sa panonood sa Media, maling pag-iisip, galit, paninibugho, paninibugho sa iba, katamaran atbp.

Habang tayo'y nabubuhay para sa Diyos tayo'y nabubuhay ayon sa Kanyang plano at ginagawa ang Kanyang kalooban. Kaya't ang mensahe sa puno ng igos ay isa pang halimbawa para sa atin upang makita ang Salita ng Diyos at matutunan pa ang higit ang tungkol sa paglilingkod sa Panginoon at sa ating buhay pananalangin. Ang lalaki na nangangalaga sa puno ng igos ay sinabi sa tao ang sumusunod: ***"8 At pagsagot niya'y sinabi sa kaniya, Panginoon, pabayaan mo muna sa taong ito, hanggang sa aking mahukayan sa palibot, at malagyan ng pataba: 9At kung pagkatapos ay magbunga, ay mabuti; datapuwa't kung hindi, ay puputulin mo." (Lucas 13:8-9)*** Habang ating pinag-iisipan ang kalagayan ng paglilingkod at kung ano ang nangyayari, at kung paano nakikita ng Panginoon ang kalagayan, sa gayon ipapahayag natin ang ating pasya at ipapangako ang ating sarili na gawin ang sumusunod sa Panginoon:

A. ***Manalangin sa Panginoon: "pabayaan mo muna sa taong ito,"*** Hilingin sa Panginoon na bigyan ka ng huling pagkakataon upang makita kung may anumang pakinabang mula sa itinuturo ng Diyos sa iyo gaya ng hindi mabungang bagay sa iyong buhay proyekto man, negosyo, o ministeryo; kung umabot man sa kalagayang walang bunga, hindi dapat itong pabayaan ng walang pagkilos o pasya para mapabuti ang kinalabasan. Inilalapat din natin ang simulain ito sa paglilingkod, naabot natin ang mga tao sa pamamagitan ng pag-eebanhelyo, ginugugol natin ang ating oras, pagsisikap, at salapi sa

pagdidisiplina sa kanila, at pinagpapatuloy natin ang mga bagay sa loob ng tatlong taon pagkatapos ay kailangan nating suriin ang sitwasyon at maging handang gumawa ng pagkilos na luluwalhatiin ang Diyos para gawin tayong mabuting katiwala sa ipinagkatiwala Niya sa atin.

**B.** ***Ipangako ang iyong sarili upang bungkalin ang palibot nito "hanggang sa aking mahukayan sa palibot",*** Ipangako ang iyong sarili sa Panginoon at pag-aralan ang kalagayan at tingnan kung paano ka mamumunga. Subukan ang iyong makakaya upang malaman ang dahilan ng hindi pamumunga. Manalangin at hilingin sa Diyos na linawin ang mga bagay sa iyo. Pag-aralan ang Salita ng Diyos. Humingi ng payo at pagpapayo mula sa mga may karanasang maka-Diyos na mga tao, mula sa ami, ang mga namumuno sa simbahan. Suriin din ang iyong sarili at hukayin ang loob upang makita kung ano ang mali sa iyo na nagiging sanhi ng hindi pagiging mabunga.

**C.** ***Ipangako ang iyong sarili na gagawin mo kung ano ang makakatulong, "at malagyan ng pataba":*** Kapag nahanap mo na ang tunay na dahilan, pagkatapos ay ipangako ang iyong sarili at tiyaking gawin ang tiyak na mga bagay tungkol dito. Kumilos at maglaan at magsikap sa isang talaan ng panahon para sa isa pang taon. Maging tapat at kumilos sa loob ng talaan ng panahon na nasa loob ng hangganan ng Salita ng Diyos. Unawain ang hangganan ng oras ay hindi upang pigain ka kundi upang protektahan ka mula sa hindi kailangan at karagdagang pagkawala.

**D.** ***Maging matapang na gawin ang iyong huling desisyon: "At kung pagkatapos ay magbunga, ay mabuti; datapuwa't kung hindi, ay puputulin mo.":*** Upang putulin, alisin, o paalisin kung walang bungang lilitaw.

**E.** ***Maging handa na sumama sa Diyos, at ipatupad ang sinabi mo, "At kung pagkatapos ay magbunga, ay mabuti! datapuwa't kung hindi, ay puputulin mo.":*** Inihahanda ka ng Diyos para sa isa pang bagay na hahawakan sa halip ng iyong kasalukuyang hindi mabungang puno ng igos.

***Sa aking Mahal at Minamahal:*** Kailangan nating sumunod sa Salita ng Diyos at sa idinidikta nito sa atin. Ang bawat isa sa atin binibigyan ng Panginoon ng tiyak na mapagkukunan ng salapi, panahon at pagsisikap, pagkatapos kung ilalaan mo ito ng hindi tama at higit sa mga bagay na hindi karapat-dapat, sa gayon ikaw ay magkukulang sa mga bagay na kailagan mong paglaanan. Itakda ang iyong isip at saloobin sa Diyos at ayusin ang iyong buhay at pagkilos na naayon sa kalooban at Salita ng Diyos.

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Diyos ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat sa iyong Salita sa akin at sa katuruan na aking natanggap ngayon mula sa mensahe.*

*Magsisi sa lahat ng iyong mga kasalanan; at ang iyong maling mga pamamaraan ng buhay at paglilingkod. Panginoon ako'y nagsisisi at tinatalikuran ang sumusunod na mga kasalanan___________________________________. Aking tinatalikuran ang lahat ng mga ito at italaga ang aking sarili na isabuhay ang aking buhay para sa iyo..*

*Panginoon aking nauuawaan na ikaw ay nagsasalita sa akin patungkol sa sumusunod na paksa at paglilingkod                                        . Panginoon ako'y nanalangin, hayaan mo rin sa taong ito, hanggang sa aking hukayin sa palibot, at lagyan ko pataba: At kung magbunga, mabuti: at kung hindi pagkatapos ay putulin mo; sa pangalan ni Jesus, Amen.*

*Panginoon ako'y nanalangin para sa aking mga kapatiran na ipinangako ang kanilang buhay para sa iyo, Panginoon tulungan mo silang maging mabunga sa iyo, at isakatupan ang kanilang ipinangako sa iyo. Panginoon bigyan sila ng pagkilala at tulungan silang makita ang mga bagay na nais mong makita at mamasdan nila.*

*Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan at puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at paging dapatin kaming abutin ang bagong bayan at magtanim ng bagong pag-aaral ng Bibliya at mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon tupdin ang pananaw ng simbahan 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Diyos'. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami sa kapahamakan sa gayo'y hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagpisan ng Banal an Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Ang Puno ng Igos Yugto 2. Lucas 13:6-9. Marcos 11:12-14. 2 Timoteo 4:2. Mateo 3:8. Galacia 5:22-23. Juan 15:16. Mateo 5:16. Jeremiah 8:13. Deutronomio 29:19-21. Kawikaan 28:13. Santiago 5:16. Kawikaan 19:20. Deutronomio 30:19-20.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com